Pag-aari ng Pamahalaan
HINDI IPINAGBIBILI

4

# Filipino

## Unang Markahan - Linggo 6-Modyul 21: Pagsusunod-sunod sa mga Pangyayari sa Kuwento Pagsasalaysay Muli sa Nabasang Teksto



ALTERNATIVE DELIVERY MODE
ADM

Kagawaran ng Edukasyon • Republika ng Pilipinas

Filipino – Grade 4
Alternative Delivery Mode
Unang Markahan - Modyul 21: Pagsusunod-sunod sa mga Pangyayari sa Kuwento at Pagsasalaysay Muli sa Nabasang Teksto)
Unang Limbag, 2020

**Paunawa hinggil sa karapatang – sipi.** Isinasaad ng Seksyong 176 ng Batas ng Pambansa Bilang 8293: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa ano mang akda ng Pamahalaan ng Pilipinas. Gayon pa man, kailangan muna ang pahintulot ng pamahalaan o tanggapan kung saan ginawa ang isang akda upang magamit sa pagkakakitaan ang nasabing akda. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang patawan ng bayad na *royalty* bilang kondisyon.

Ang mga akda / materyales (mga kwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o *brand names*, tatak o *trademarks*, atbp.) na ginamit sa aklat na ito ay sa nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsikapang mahanap at mahingi ang pahintulot ng mga may karapatang-ari upang magamit ang mga akdang ito. Hindi inaangkin ni kinakatawan ng mga tagapaglathala *(publishers)* at may-akda ang karapatang-aring iyon.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon – Division of Valencia City
Tagapamanihala ng mga Paaralan: Rebonfamil R. Baguio

**Bumuo sa Pagsulat ng Modyul**

**Manunulat:** Jean A. Manuel

**Editor:** Cathyrine D. Melos

**Tagasuri:** Emelita F. Rey, PSDS

**Tagalapat:** Ma. Gelyn G. Zerna
Rommel C. Villa

**Ilustrador:** Madilyn P. Saphlot

**Layout Artists:** John Rimmon I. Taquiso

**Tagapamahala:**
**Chairperson:** Rebonfamil R. Baguio
*Tagapamanihala ng mga Paaralan*

**Co-Chairperson:** Eugene I. Macahis, Jr.
Asst. Schools Division Superintendent

**Mga Kasapi:** Jayvy C. Vegafria, CID Chief ES
Noemie M. Pagayon, EPS-Filipino
Analisa C. Unabia, EPS-LRMS
Loan Sirica V. Camposo, Librarian II
Israel C. Adrigado, PDO II

Inilimbag sa Pilipinas ng:
Kagawaran ng Edukasyon- Sangay ng Lungsod ng Valencia
Office Address: Lapu-lapu Street, Poblacion, Valencia City 8709
Telefax: (088) 828-4615
Website: deped-valencia.org

# 4

# Filipino

## Unang Markahan - Linggo 6-Modyul 21: Pagsusunod-sunod sa mga Pangyayari sa Kuwento

## Pagsasalaysay Muli sa Nabasang Teksto

Ang kagamitan sa pagtuturong ito ay magkatuwang na inihanda at sinuri ng mga guro mula sa pampublikong paaralan. Hinihikayat namin ang mga guro at iba pang nasa larangan ng edukasyon na ipadala ang inyong mga puna, komento at rekomendasyon sa pamamagitan ng email sa Kagawaran ng Edukasyon sa Region 10@Deped.Gov.

**Lubos naming pinapahalagahan ang inyong mga puna at rekomendasyon.**

**Kagawaran ng Edukasyon • Republika ng Pilipinas**

## *Ang modyul na ito*


Ang modyul na ito ay inihahandog para sa Ikaapat na Baitang na mga mag-aaral sa asignaturang Filipino. Matututunan mo sa modyul na ito ang tungkol sa pagsasalaysay muli sa napakinggan/nabasa/napanood na teksto gamit ang mga larawan. Maraming mga pagsasanay ang ibinigay para mas lalo mo pang mapahusay ang araling ito.



***Mga Tala para sa Guro***

Ang aralin ay nakasentro kung saan masusukat ang kakayahang umintindi ng mag-aaral. Mainam na sa pagbibigay ng puntos ay maghanda ka ng *rubric* at *criteria* na pagbabasihan mo ng katumbas na puntos ng kanilang mga sagot. Lalung–lalo na sa nga pagsasanay o sitwasyon na nangangailangan ng *logical* na eksplenasyon.

## *Mga Icons sa Modyul na ito*

| | | |
|---|---|---|
|  | Alamin | Ang bahaging ito ay naglalaman ng layunin sa pagkatuto na inihanda upang maging gabay sa inyong pagkatuto. |
|  | Subukin | Ito ay mga pagsasanay na sasagutin upang masukat ang iyong dating kaalaman at sa paksang tatalakayin. |
|  | Balikan | Ang bahaging ito ay may kaugnayan sa nakaraang aralin at sa iyong bagong matututunan. |
|  | Tuklasin | Ipakikilala ang bagong aralin sa pamamagitan ng gawaing pagkatuto bago ilahad ang paksang tatalakayin. |
|  | Suriin | Ito ay ang pagtatalakay sa pamamagitan ng gawain sa pagkatuto upang malinang ang iyong natuklasan sa pag-unawa sa konsepto. |
|  | Pagyamanin | Ito ay mga karagdagang gawain na inihanda para sa iyo upang ikaw ay magiging bihasa sa mga kasanayan. |
|  | Isaisip | Mga gawaing idinisenyo upang maproseso ang iyong natutunan mula sa aralin. |
|  | Isagawa | Ito ay mga gawaing dinisenyo upang maipakita ang iyong mga natutunan na kasanayan at kaalaman at ito ay magamit sa totoong sitwasyon. |
|  | Tayahin | Ang pagtatasang ito ay ginamit upang masusi ang iyong antas ng kasanayan sa pagkamit ng layunin sa pagkatuto. |
|  | Karagdagang Gawain | Ito ay mga karagdagang gawaing pagkatuto na dinisenyo upang mas mahasa ang iyong kasanayan at kaalaman. |



## *Alamin*

Pagkatapos gawin ang mga pagsasanay sa modyul na ito, ang mga bata ay inaasahang mapaunlad ang mga sumusunod na kasanayan:


Layunin:

1. Napagsusunod-sunod ang mga pangyayari sa kuwento-mga larawan (F4PB-Ie-5.4)
2. Naisasalaysay muli ang binasang teksto nang may tamang pagkasunod-sunod ng mga pangyayari (larawan) (F4PS-Ib-h-6.1)

## *Paano matuto sa Modyul na ito:*

Upang makamit ang layunin na inilalahad sa itaas, gawin ang mga sumusunod na mga hakbang;

- Basahin at unawain nang mabuti ang aralin.
- Sundin at gawin ang inilalahad na panuto sa bawat pagtataya at pagsasanay.
- Sagutin ang lahat na pagtataya at pagsasanay.



## *Subukin*

**Panuto:** Ayusin ang mga salita nang paalpabeto.

1. gulay ______________
   prutas ______________
   kanin ______________
   isda ______________
   baboy ______________
2. posporo ______________
   papaya ______________
   punta ______________
   Pepe ______________
   pintuan ______________
3. masaya ______________
   mainit ______________
   maulan ______________
   makulimlim ______________
   matapang ______________

Punan ang patlang ng wastong salita na naaayon sa ayos paalpabeto.

4. tsaa, tseke, ____________, tsokolate, tsuper
   (tsinelas, tsonggo)
5. ___________, kanluran, kantina, kanyon
   (kanino, kanayon)

| Aralin 2 | **1.** Pagsusunod-sunod sa mga Pangyayari sa Kuwento.<br>2. Pagsasalaysay muli sa binasang teksto |
|---|---|



***Balikan***


Panuto: Lagyan ng wastong panghalip na panao ang bawat puwang. Piliin ang sagot sa loob ng kahon.

| ko siya niya kami |
|---|

Noong isang Linggo, nasalubong _______ si Sonya, ang aking matalik na kaibigan. May kasama ________isang batang babae. “_______ ay tangi kong pamangkin”, pakilala sa bata. Inaanyayahan _______ si Sonya na kumain _______. Masaya _______ pumasok sa restawran.

## *Tuklasin*

Tingnan ang mga larawan.




Sagutin ang mga tanong.

Sa mga larawan sa ibabaw, saang yugto ng buhay kayo nabibilang?______________________________________________.

Saan sa mga larawan ang dapat mauna? ______________________

pangalawa?_______________________________________________

pangatlo?__________________________________________________

pang-apat?_______________________________________________



## *Suriin*

Ang pagsusunod-sunod ng mga pangyayari sa kuwento ay paghahati ng bawat bahagi nito sa mahahalagang pangyayari: sa simula, sa gitna at wakas. Ito rin ay isang paraan ng pagbubuod kung saan mahalaga ang kasanayan sa pagkuha ng mga pangunahing kaisipan ng bawat talata o pangungusap sa kuwento. Lubos na nakatutulong ito upang makuha rin ang mga detalye at pagkakasunod sunod ng mga pangyayari.



## *Pagyamanin*

Basahin ang kuwento.

### Saan Nagmula ang Lawa ng Sampalok

(Mga Alamat at iba pang  mga Kuwento pp. 12-13)


Ayon sa matatanda, dati raw maganda't malawak na halamanan ang Lawa ng Sampalok na nasa Lungsod ng San Pablo. Sa gitna ng halamanang ito may isang magarang bahay at sa tabi nito ay may isang malaking puno ng sampalok. Balita saan mang dako na ubod ng tamis ang bunga ng puno ng sampalok na ito. Mayamang mag-asawa ang may-ari ng sampalok. Ngunit napakadamot nila kaya nilalayuan sila ng mga tao.


Minsan may isang matandang pulubi na nagsadya sa magandang bahay upang humingi ng sampalok na makagagamot sa kanyang ubo. Kumatok siya sa pintuan ng magarang buhay. Nabuksan ang pintuan ngunit ng makita ng mag-asawa ang pawis-pawisang pulubi ay hindi nila pinatuloy ang kaawa-awang matanda.
Kinabukasan, nagbalik ang matandang pulubi sa magarang tahanan. Nang mabuksan muli ang pintuan, ay naroon na naman ang matandang pulubi. Paulit-ulit na nakiusap ang matanda ng bunga ng sampalok sa mag-asawa na makagagamot sa kanyang sakit. Nagalit ang mag-asawa. Sinigawan ito at pinalayas nila ang matanda.

Biglang nawala ang matanda! At sa isang iglap nagdilim ang langit. Lumindol at bumuka ang lupa. Lumubog ang halaman na kasama ang magarang bahay ng mag-asawa. At bumukal dito ang tubig.


Patuloy ang pagbukal hanggang sa mapuno ang buong halamanan. At magmula noon nanatili ang malawak na katawan ng tubig na dating halamanan ng masungit na mag-asawa. Tinawag ito ng mga tagaroon na **Lawa ng Sampalok.**

Panuto: Ayusin ang mga larawan ayon sa wastong pagkakasunod-sunod sa kuwento sa pamamagitan ng paglalagay ng bilang 1-6 sa kahon at isalaysay ito sa klase.


1.


2.


3.


4.



5.


6.


*Inilarawan ni Gng.  Madilyn P. Saphlot*

## *Isaisip*

Ano ang dapat tandaan sa pagsusunod-sunod ng mga pangyayari sa luwento?



## *Isagawa*

Panuto: Ayusin ang mga larawan ayon sa pagkasunod-sunod na pagtubo ng buto. Isulat ang bilang 1-4 sa kahon.

A.



B.



C.



D.





## *Tayahin*

**Basahin ang kuwento.**

### Si Langgam at Tipaklong

Maganda ang panahon. Mainit ang sikat ng araw. Maaga pa lamang ay gising na gising na si Langgam. Nagluto siya at kumain. Ilang sandali pa, lumakad na siya. Gaya ng dati, naghanap siya ng pagkain. Isang butil ng bigas ang nakita niya. Pinasan niya ito at dinala sa kanyang bahay. Nakita siya ni Tipaklong.

"Magandang umaga kaibigang Langgam," bati ni Tipaklong. "Kay bigat ng iyong dala. Bakit ba wala kanang ginawa kundi maghanap at mag-ipon ng pagkain?"

"Oo nga, nag-iipon ako ng pagkain habang maganda ang panahon," sagot ni Langgam.

"Tumulad ka sa akin, kaibigang Langgam," wika ni Tipaklong. "Habang maganda ang panahon, tayo ay magsaya. Halika, tayo ay lumukso. Tayo ay kumanta."

"Ikaw na lang kaibigang Tipaklong," sagot ni Langgam. "Gaya ng sinabi ko sa iyo, habang maganda ang panahon ako ay naghahanap ng pagkain. Ito'y aking iipunin para ako ay may makain pag sumama ang panahon."

Lumipas pa ang maraming araw, dumating na ang tag-ulan. Ulan sa umaga, ulan sa hapon at sa gabi umuulan pa rin. At dumating ang panahong kumidlat, kumulog at lumakas ang hangin kasabay ang pagbuhos ngmalakas na ulan. Ginaw na ginaw at gutom na gutom ang kaawa-awang Tipaklong. Naalala niyang puntahanang kaibigang

si Langgam. Paglipas ng bagyo, pinilit ni Tipaklong na marating ang bahay ni Langgam. Bahagya na siyang makalukso. Wala na ang dating sigla ng masayahing si Tipaklong.

"Tok! Tok! Tok!"

Nang buksan ni Langgam ang pinto nagulat siya."Aba! Ang aking kaibigan," wika ni Langgam. "Tuloy ka Tipaklong."

Binigyan ni Langgam ng tuyong damit si Tipaklong. Mabilis na naghanda siya ng pagkain. Ilan pang sandali at magkasalong kumain ng mainit na pagkain ang magkaibigan.

"Salamat, kaibigang Langgam," wika ni Tipaklong. "Ngayon ako naniniwala sa iyo. Kailangan nga palang mag-ipon habang maganda ang panahon at nang may makain pagdating ng tag-gutom."

Mula noon, nagbago si Tipaklong. Pagdating ng tag-init at habang maganda ang panahon ay kasama nasiya ng kanyang kaibigang si Langgam. Natuto siyang gumawa at higit sa lahat natuto siyang mag-impok.

**ARAL:**


*Mag-impok habang maganda ang sitwasyon upang maging handa sa anumang suliranin sa hinaharap.*

Panuto: Ayusin ang mga larawan ayon sa wastong pagkasunod-sunod nito. Lagyan ng bilang 1-6 ang bilog.

1.




2.



3.




4.



5.





## ***Karagdagang Gawain***

Isulat ang 1-5 ayon sa wastong pagkakasunod-sunod ng mga hakbang sa pagsasaing.

________a. Hugasan ang bigas.

________b.Takalin at linisin ang bigas.

________c.Isalang sa apoy ang kalderong may bigas.

________d.Alisin ang takip pagkulo.

________e.Hinaan ang apoy hanggang maluto ang bigas.

## *Susi sa Pagwawasto*

| Subukin | | |
|---|---|---|
| 1.baboy | 2. papaya | 3.mainit |
| gulay | Pepe | makulimlim |
| isda | pintuan | masaya |
| kanin | posporo | matapang |
| prutas | punta | maulan |

| Balikan |
|---|
| 1.ko |
| 2.siyang |
| 3.siya |
| 4.ko |
| 5.kami |
| 6.kaming |

| Pagyamanin |
|---|
| 1.3 |
| 2.1 |
| 3.2 |
| 4.6 |
| 5.5 |
| 6.4 |

| Isagawa |
|---|
| a.1 |
| b.4 |
| c.2 |
| d.3 |

| Tayahin |
|---|
| 1.3 |
| 2.1 |
| 3.4 |
| 4.2 |
| 5.5 |

| Karagdagang Gawain |
|---|
| a.2 |
| b.1 |
| c.3 |
| d.4 |
| e.5 |

## *Mga Sanggunian:*

Aragon, Angelita L., N.B. Montojo, M.F. Faminiano, M.A. Barza. (1993). Mga Alamat at iba pang mga Kuwento. Tru-Copy Publishing House, Inc.

Calatrava, Sancho C., M.R. Jaurique, F.B. Rafael, D.S. de Castro, J.R. Brana, M.H. Umadhay, C. Reyroso, A. Gime, R. de los Reyes, A.Z. Soniega, F.C. Guinto, Y.S. Maligaya, A.M. Aranzanzo, M.J. Derla, G.D. Badillo, A.D. Jabines. (2015). Yaman ng Lahi 4 LM.SunshineInterlinks Publishing House, Inc.

Calatrava, Sancho C., M.R. Jaurique, F.B. Rafael, D.S. de Castro, J.R. Brana, M.H. Umadhay, C. Reyroso, A. Gime, R. de los Reyes, A.Z. Soniega, F.C. Guinto, Y.S. Maligaya, A.M. Aranzanzo, M.J. Derla, G.D. Badillo, A.D. Jabines. (2015). Yaman ng Lahi 4 TG.SunshineInterlinks Publishing House, Inc.

Garcia, Florante C. at Priscila J. Anastacia. (2019). Pintig ng Lashing Pilipino 4.SIBS Publishing House, Inc.

Lalunio, Lydia P. at Francisco G. Gil. (2000). Hiyas sa Wika at Pagbasa 4 Manwal ng Guro. LG & M Corporation

**(**https://buklat.blogspot.com/2017/12/si-langgam-at-tipaklong-pabula.html)

https://www.youtube.com/watch?v=hrO86NjL7zs

Para sa anumang katanungan o puna, maaring ipadala sa

pamamagitan ng sulat o tumawag sa:

Kagawaran ng Edukasyon- Sangay ng Lungsod ng Valencia

Lapu-lapu Street, Poblacion, Valencia City 8709

Telefax: (088) 828 - 4615